



SAKIT NA TUBERKULOSIS (TB) *At Paggamot*

Paano ko malalaman kung mayroon akong sakit na tuberkulosis sa aking mga baga?

Ang tuberkulosis ay maaaring maging dahilan ng pag-ubo, pag-ubo ng dugo, paggaan ng timbang, pagpapawis sa gabi, at pagkahapo.

Ano ang mga pagsusuri para sa TB?

Gagawin ang isang pagsusuri ng balat at rayos-ekis ng dibdib. Maaaring sabihin sa iyo na magbigay ng halimbawa o sampol ng iniuubo mo sa laboratoryo.

Nagagamot ba ang TB?

Oo. Ang iyong manggagamot ay magbibigay sa iyo ng ilang antibiotic (ang pinakakaraniwan ay isonizid, rifampin, pyrazinamide, at ethambutol) na kailangang inumin araw-araw sa hindi kululangin sa anin na buwan. Sa ilang mga kaso, ang mga gamot sa TB ay maaaring kailangang inumin sa mas matagal na panahon.

Ang mga gamot ba sa TB ay mayroong mga di-hangad na epekto?

Lahat ng gamot ay maaaring maging dahilan ng mga di-hangad na epekto sa ilang tao. Tiyakin na alam mo kung ano ang mga di-hangad na epekto na dapat bantayan at tawagan kaagad ang iyong manggagamot kung mayroon kang mga inaalala.

Maipapasa ko ba sa ibang mga tao ang TB?

Puwede. Depende ito sa dami ng mikrobyo ng TB sa iyong katawan. May nagagawang pagsusuri upang malaman kung nagtataglay ka ng sapat na mikrobyo para makapagbigay ng TB sa ibang mga tao.

Mayroon pa bang ibang bagay na mahalaga tungkol dito?

Sabihin sa iyong manggagamot na maaaring buntis ka, may ibang mga karamdaman, o umiinom ng ibang mga gamot.

Tandaan: Ang Tuberkulosis ay magagamot kung iinumin mo ang lahat ng gamot sa buong panahon na itinagubilin ng iyong doktor.

Maaaring kuwalipikado ka sa mga benepisyong Medi-Cal.

Ang mga taong may impeksyon ng TB o may sakit na TB ay maaaring maging kuwalipikado rin sa TB-Cal.

Upang malaman kung nararapat kang tumanggap ng mga benepisyo at upang humiling ng pakete ng kaalaman at aplikasyon, mangyaring tumawag sa 1-858-514-6885. Tinatanggap ang mga tawag na "collect."